

# TUBIG

## Kinakailangang Tubig

Inumin bawat araw:

$\frac{1}{2}$  galon = 2 quart = 8 cup

**Huwag irasyon ang tubig.**

**Inumin kung ano ang kailangan mo ngayong araw.**

**Maghanap ng iba pa kinabukasan.**

- Uminom ng mas marami kapag mainit ang panahon o kapag maraming trabaho.
- Maglaan ng  $\frac{1}{2}$  galon para sa pagluluto at personal na kalinisan.

## Mga Pinagmumulan ng Tubig

Patayin ang iyong suplay ng tubig sa shut-off valve na nasa kalsada o kung saan pangunahing pumapasok ang tubig sa iyong bahay.



## Tangke ng Pampainit ng Tubig

- Patayin ang kuryente o linya ng gas sa pampainit ng tubig.
- Patayin ang suplay ng malamig na tubig sa pampainit ng tubig.
- Hayaang lumamig ang tubig.
- Maglagay ng hose o balde sa drain valve.
- Buksan ang gripo ng mainit na tubig sa ibang lugar sa bahay.
- Buksan ang drain valve. Asahan ang kaunting latak.
- Linisin kung hindi maganda ang kalidad ng tubig.



## Iba Pang Pinagmumulan

- Natunaw na yelo mula sa freezer
- De-latang prutas o vegetable juice
- Tangke ng inodoro
- Huwag uminom mula sa inodoro.




## **GAANO KARAMI ANG KAILANGAN MO SA ISANG ARAW?**



8 baso kada tao para sa inumin



4 na baso kada tao para sa paghuhugas




4 na tao kada tao para sa pagluluto



## Kung Paano Lilinisin ang Tubig Pagpapakulo (pinakamaganda)

- Salain muna ang tubig gamit ang tela o coffee filter.
- Pakuluin ang tubig nang 1 minuto at hayaan itong kumulo nang husto.
- Hayaang lumamig bago gamitin.



## Bleach

- Gumamit ng regular na concentrated formula bleach, huwag ang may pampabango o may dagdag na kemikal.
- Salain muna ang tubig gamit ang tela o coffee filter.
- Maghalo ng  $\frac{1}{8}$  kutsarita (mga 8 patak) sa kada galon ng tubig. Doblehin ito para sa malabong tubig. Maghintay ng 30 segundo.
- Ang tubig ay DAPAT na may NAPA KAKAUNTING amoy ng bleach.



**Hindi maaalis ng paglilinis ang gasolina o mga kemikal.**

**HUWAG inumin ang tubig na kontaminado ng mga gasolina o kemikal.**

## Karagdagang Impormasyon